# 2024 Pangkalahatang Halalan Pamplet para sa Mga Botante ng Jackson County sa Wikang Tagalog

Mga Botante ng Jackson County:

Ang Pamplet para sa Mga Botante ng Jackson County ay inilathala para ipabatid at ipaalam sa mga botante ang tungkol sa mga lokal na kandidato at mga panukalang-batas. Hindi kinakailangang isama ang mga kandidato sa pamplet para sa mga botante. Ang lahat ng kasamang pahayag tungkol sa kandidato at pahayag ukol sa panukalang-batas ay isinumite kasama ng bayad sa pag-file. Tanging mga naaangkop na kandidato at panukalang-batas lang para sa iyong presinto ang makikita sa iyong balota.

Ang Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 5, 2024, tulad ng lahat ng halalan sa Estado ng Oregon, ay isasagawa sa pamamagitan ng koreo. Ang mga balota para sa pangkalahatang halalan sa Nobyembre 5 ay ihahatid sa Jackson County simula Biyernes, Oktubre 18.

**Ang huling araw upang mag-rehistro para sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 5 ay sa Martes, Oktubre 15, 2024.** Naipadala ang pamplet na ito sa mga "address para sa koreo ng kawanihan ng koreo". Sa gayon, ang pagtanggap mo ng pamplet para sa mga botante ay hindi nangangahulugan na ikaw ay isang rehistradong botante. Ang mga botante na kasalukuyang rehistrado sa Estado ng Oregon na lumipat na, o nagbago ng kanilang tirahan o address para sa koreo o pangalan, ay dapat mag-update ng kanilang rehistrasyon bago matapos ang oras ng pagtatrabaho sa Araw ng Halalan upang makaboto. **Ang mga balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo ay hindi maaaring ipasa.** Kung kailangan mong mag-rehistro o mag-update ng iyong rehistrasyon, maaari mong gawin ito online sa www.oregonvotes.gov o maaari kang makakuha ng mga kard ng rehistrasyon ng botante sa iyong lokal na kawanihan ng koreo o sa ating website sa www.jacksoncountyor.gov sa ilalim ng mga halalan.

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa katayuan ng iyong rehistrasyon bilang botante, pag-update ng iyong tirahan o address para sa koreo o sa proseso ng halalan sa pangkalahatan, tawagan ang Tanggapan para sa Pangangasiwa ng Halalan sa 541-774-6148 o sa pamamagitan ng email sa elections@jacksoncountyor.gov. Kung nais mong personal na mag-rehistro o mag-update ng iyong kard ng rehistrasyon ng botante, matatagpuan kami sa 1101 West Main St., Suite #201, Medford.

**Mahalaga ang mga Marka ng Koreo!** Ang mga balotang natanggap mula sa Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service) pagkatapos ng araw ng halalan ay tatanggapin kung namarkahan ito ng koreo sa o bago ang araw ng halalan at natanggap pagsapit ng ika-7 araw pagkatapos ng halalan. Dapat na namarkahan ng koreo ang mga balota pagdating ng Nobyembre 5, 2024, kung pinadala sa koreo, o hinulog sa isang Opisyal na Drop Box ng Balota nang hindi lalampas sa 8 pm, Nobyembre 5, 2024.

Nag-aalok ng Impormadong Paghahatid (Informed Delivery) ang Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service). Sa sandaling mag-sign up, makatatanggap ka ng email na may larawan ng mga bagay na ipinadadala sa koreo (mail pieces) na ihahatid sa araw na iyon. Malalaman mo kapag dumating ang balota mo sa iyong mailbox. Para mag-sign up sa serbisyong ito, pumunta sa informeddelivery.usps.com.

Taos-pusong sumasainyo,

Chris Walker
Kawani ng Jackson County

# Ika-5 ng Nobyembre, 2024 Pangkalahatang Halalan

### Impormasyon sa Pagboto

**Ang impormasyong ito ay inilagay sa pamplet para sa mga botante upang tulungan ang mga botante ng Jackson County sa pagmamarka ng kanilang balota.**

### Punan ang Bilog

Upang matiyak na mabibilang ang iyong boto:

- Gumamit ng asul o itim na bolpen.
- Ganap na punan ang bilog.
- Huwag maglagay ng tsek.
- Huwag magmarka ng X.

### Kandidato o Panukalang-Batas

Upang bumoto para sa isang kandidato o panukalang-batas, ganap na punan ang bilog sa kaliwa ng iyong tugon.

### Pagsasama ng Pangalan

Upang magdagdag ng isang pangalan, ganap na punan ang bilog sa kaliwa ng linya para sa pagsasama ng pangalan at isulat ang pangalan sa linya.

### Kulang sa Bilang ng Boto

- Kung hindi ka bumoto sa isang labanan o panukalang-batas, ito ay tinatawag na kulang sa bilang ng boto.
- Ang isang boto ay hindi mabibilang para sa labanan o panukalang-batas.
- Hindi mo kailangang bumoto sa lahat ng labanan. Mabibilang pa rin ang mga binoto mo.

### Bumoto ng Labis

- Kung bumoto ka para sa mas maraming kandidato kaysa sa pinahihintulutan, o kung pareho mong binoto ang Yes (Oo) at No (Hindi) sa isang panukalang-batas, ito ay tinatawag na bumoto ng labis.
- Ang isang boto ay hindi mabibilang para sa labanan o panukalang-batas na bumoto ka ng labis maliban kung itama mo ito.
- Maaari mong itama ang isang pagboto ng labis sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa "How to Correct a Mistake" (Paano Itama ang Isang Pagkakamali).

### Paano Itama ang Isang Pagkakamali

- Guhitan ng linya ang bilog at ang iyong hindi nais na tugon.
- Ganap na punan ang bilog sa kaliwa ng iyong nais na tugon.
- Hindi bibilangin ang boto para sa hindi mo nais na tugon.
- May bilang na isang boto para sa iyong nais na tugon.

**Maaari kang makipag-ugnayan sa Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections) sa 541-774-6148 para humiling ng pamalit na balota kung:** nagkamali ka, nasira o namarkahan nang mali ang iyong balota, o nawala ang iyong balota (o para sa anumang iba pang dahilan).

**Tulong sa Pagmarka ng Balota; Mga Pataan at Limitasyon:** Ang sinumang botante na, dahil sa kapansanan o kawalan ng kakayahang magbasa o magsulat, hindi makapagmarka ng kanilang balota ay maaaring makatanggap ng tulong. Ang tulong ay ibibigay ng alinman sa dalawang tao ng magkaibang partidong pampolitika na itinalaga ng kawani ng county o ng ibang taong pinili ng botante. Ang sinumang tumutulong sa isang botante ay dapat sumunod sa tagubilin ng botante kung paano boboto sa balota. Gayundin, ang taong tumutulong sa botante, kalaunan ay hindi dapat magbigay ng anumang impormasyon tungkol sa kung paano bumoto ang botante. Bukod dito, hindi maaaring magbigay ang sinuman ng nasabing tulong kung siya ay isang tagapag-empleyo ng botante o isang ahente ng tagapag-empleyo. At, hindi rin maaaring magbigay ng nasabing tulong ang isang tao kung siya ay isang opisyal o ahente ng isang unyon kung saan ang botante ay isang miyembro. (ORS 254.445)

### Pagbabalik ng Iyong Balota

Ang Araw ng Halalan ay Martes, Nobyembre 5, 2024
Matapos iboto ang iyong balota:

1. **Suriin** ang iyong balota para sa mga pagkakamali;
2. **Ipasok** ang iyong balota sa sobre para sa pagbalik ng balota;
3. **I-seal** ang sobre para sa pagbalik ng balota;
4. **Lagdaan** ang sobre para sa pagbalik ng balota;
5. **Ibalik** ang iyong balota.

Mayroon kang dalawang paraan para ibalik ang iyong balota:

1. **Isumite sa pamamagitan ng koreo** ang iyong balota upang ito ay mamarkahan ng koreo sa Araw ng Halalan; o
2. **Ideposito** ang iyong balota sa isang opisyal na drop box ng balota ng Oregon bago mag-8 p.m. sa Araw ng Halalan.

**Mahalaga!** Dapat isauli ang iyong balota nang nasa sobre para sa pagbalik ng balota na ibinigay kasama ng iyong pakete ng balota. **Tiyaking ang nilalagdaan mong sobre para sa pagbalik ng balota ay ang ibinigay sa iyo!**
Kung nawala o nasira mo ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota, mangyaring makipag-ugnayan sa aming opisina sa 541-774-6148.

# Impormasyon sa Rehistrasyon ng Botante

**Pag-rehistro para Makaboto:** Upang makaboto sa Oregon kailangan mong maging rehistrado sa county kung saan ka nakatira. Maaari kang mag-rehistro kung makasagot ka ng oo sa tatlong tanong na ito: 1) Ikaw ba ay residente ng Oregon? 2) Ikaw ba ay isang mamamayan ng U.S.? 3) Ikaw ba ay hindi bababa sa 16 na taong gulang? *Kung ikaw ay 16 o 17 taong gulang, hindi ka makatatanggap ng balota hanggang sa may maganap na isang halalan sa o pagkatapos ng iyong ika-18 kaarawan.*

**Paano mag-rehistro:** Maaari kang mag-rehistro online para makaboto sa **oregonvotes.gov** o maaari kang makakuha ng kard ng rehistrasyon ng botante sa alinman sa mga sumusunod na lugar: 1) anumang tanggapan para sa halalang pang-county. 2) ang tanggapan ng Kalihim ng Estado. 3) ilang ahensya ng estado tulad ng Dibisyon ng Mga De-motor na Sasakyan (Division of Motor Vehicles). 4) isang kampanya para sa rehistrasyon ng botante. Maaari mong punan ang kard nang personal o ipadala ito sa pamamagitan ng koreo ng US. Maaari ka ring mag-print ng kard ng rehistrasyon online sa **oregonvotes.gov**.

**Pag-update ng iyong rehistrasyon ng botante:** Kapag rehistrado ka na, tungkulin mong panatilihing pinakabago ang iyong impormasyon. Maaari mong gawin ito online sa **oregonvotes.gov** o sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagbabalik ng kard ng rehistrasyon ng botante na may bagong impormasyon. Dapat mong i-update ang iyong rehistrasyon kung gagawin mo ang alinman sa mga sumusunod: 1) babaguhin ang address ng iyong tirahan. 2) babaguhin ang iyong address para sa koreo. 3) babaguhin ang iyong pangalan. 4) babaguhin ang iyong lagda. 5) gustong baguhin o pumili ng partidong pampolitika. 6) babiyahe o wala sa bahay sa araw ng halalan.

# Pagbabalik ng Iyong Balota

**Ang Araw ng Halalan ay Martes, Nobyembre 5, 2024**

**Matapos iboto ang iyong balota:**

1. **Suriin** kung may mga pagkakamali sa iyong balota;
2. **Ilagay** ang iyong balota sa sobre para sa pagbalik ng balota;
3. **I-seal** ang sobre para sa pagbalik ng balota;
4. **Lagdaan** ang sobre para sa pagbalik ng balota;
5. **Ibalik** ang iyong balota.

**Mayroon kang dalawang paraan para ibalik ang iyong balota:**

1. **Isumite sa pamamagitan ng koreo** ang iyong balota upang ito ay mamarkahan ng koreo sa Araw ng Halalan; o
2. **Ilagay** ang iyong balota sa isang opisyal na drop box ng balota ng Oregon bago mag-8 p.m. sa Araw ng Halalan.

**Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota sa Pamamagitan ng Koreo**

**Mahalaga!** Dapat isauli ang iyong balota nang nasa sobre para sa pagbalik ng balota na ibinigay kasama ng iyong pakete ng balota. **Tiyaking ang nilalagdaan mong sobre para sa pagbalik ng balota ay ang ibinigay sa iyo!**
Kung nawala o nasira mo ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota, mangyaring makipag-ugnayan sa aming opisina sa
541-774-6148.

# Mga Lokasyon para sa Pagsumite ng Balota

Ang Araw ng Halalan ay Martes, Nobyembre 5, 2024

**Opisyal na mga Lokasyon para sa Pagsumite ng Balota sa Jackson County**
(Magbubukas ng Lunes, Oktubre 21, 2024)

| Lugar ng Drop Box | Uri at Oras |
|---|---|
| **Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections)**<br>1101 W. Main St., Suite 201<br>Medford, OR 97501<br><br>(Matatagpuan ang opisina sa ika-2 palapag) | Ang mga drop box ng balota sa **tabi ng kalsada** at agarang napupuntahan (walk up) ay bukas 24 na oras araw-araw (kaliwang lane - W. Main)<br>Magsasara nang 8 p.m. sa Araw ng Halalan<br><br>Ang mga drop box ng balota **sa loob** ng tanggapan para sa pangangasiwa ng Halalan<br><br>ay bukas mula 8 a.m. hanggang 4 p.m., Lunes - Biyernes<br>(7 a.m. - 8 p.m. sa Araw ng Halalan) |
| **Aklatan ng Ashland (Ashland Library)**<br>410 Siskiyou Blvd.<br>Ashland, OR 97520 | Ang drop box ng balota sa **tabi ng kalsada** ay bukas 24 na oras araw-araw<br>(eskinita sa labas ng Gresham St. malapit sa book drop)<br>Magsasara nang 8 p.m. sa Araw ng Halalan |
| **Aklatan ng Central Point (Central Point Library)**<br>116 S. 3rd St.<br>Central Point, OR 97502 | Ang **agarang napupuntahang (walk up)** drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw<br>(timog na bahagi ng gusali ng aklatan, pangunahing pasukan)<br>Magsasara nang 8 p.m. sa Araw ng Halalan |
| **Aklatan ng Eagle Point (Eagle Point Library)**<br>239 W. Main St. | Ang **agarang napupuntahang (walk up)** drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw<br>(pasukan ng pangunahing sangay ng aklatan) |

| | |
|---|---|
| Eagle Point, OR 97524 | Magsasara nang 8 p.m. sa Araw ng Halalan |
| **Aklatan ng Medford (Medford Library)**<br>205 S. Central Ave<br>Medford, OR 97501 | Ang drop box ng balota sa **tabi ng kalsada** ay bukas 24 na oras araw-araw<br>(pasukan ng parking lot sa labas ng 10th St.)<br>Magsasara nang 8 p.m. sa Araw ng Halalan |
| **Aklatan ng Phoenix (Phoenix Library)**<br>510 W. 1st St.<br>Phoenix, OR 97535 | Ang **agarang napupuntahang (walk up)** drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw<br>(pasukan ng pangunahing sangay ng aklatan)<br>Magsasara nang 8 p.m. sa Araw ng Halalan |
| **Aklatan ng Rogue River (Rogue River Library)**<br>412 E. Main St.<br>Rogue River, OR 97537 | Ang **agarang napupuntahang (walk up)** drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw<br>(pasukan ng pangunahing sangay ng aklatan)<br>Magsasara nang 8 p.m. sa Araw ng Halalan |

# Panukalang-Batas 15-230 – Lungsod ng Rogue River (City of Rogue River)

**Pag-amyenda sa karta na nag-aamyenda sa mga limitasyon sa termino ng hinalal na mga Konsehal at Alkalde.**

**Tanong:** Dapat bang amyendahan ang Karta ng Lungsod upang gawing simple ang mga limitasyon sa termino ng mga hinalal na mga miyembro ng Konseho ng Lungsod at Alkalde?

**Buod:** Noong 1996, inamyendahan ang Karta ng Lungsod upang isaad na ang mga miyembro ng Konseho ng Lungsod ay hindi maaaring magsilbi nang higit sa dalawang (2) apat na taong termino, ang mga Alkalde ay hindi maaaring maglingkod nang higit sa dalawang (2) dalawang taong termino, at walang sinuman ang maaaring humawak ng anumang kumbinasyon ng katungkulang napanalunan sa halalan nang higit sa labindalawang (12) taon. Noong 2014, inamyendahan ang Karta ng Lungsod upang isaad na kasunod ng dalawang termino bilang Konsehal ng Lungsod o Alkalde, maaaring hindi sumali ang sinumang tao sa isang yugto ng halalan at maging kwalipikadong kumandidatong muli, ngunit nilinaw nito na walang sinumang tao ang maaaring humawak ng katungkulang napanalunan sa halalan nang higit sa labindalawang (12) magkakasunod na taon. Noong 2023, inamyendahan ang Karta upang baguhin ang mga termino ng Alkalde sa apat (4) na taong termino. Ang epekto ng iminungkahing pag-amyenda sa Karta ay upang payagan ang sinumang hinalal sa tungkulin na maglingkod nang may kabuuang 16 na magkakasunod na taon, kahit na nagsilbi sa mga taong iyon bilang Konsehal o Alkalde. Mananatili ang bawat termino sa apat (4) na taon at ang mga hinalal sa tungkulin ay kailangang kumandidato kada apat (4) na taon. Walang sinumang hinalal sa tungkulin ang papayagang maglingkod nang higit sa 16 na magkakasunod na taon.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

Iminumungkahi ng panukalang-batas na ito ang isang pag-amyenda sa Karta ng Lungsod ng Rogue River (City of Rogue River). Mapapawalang-bisa at papalitan ng pag-amyenda ang mga kasalukuyang limitasyon sa termino para sa mga posisyon ng Konseho ng Lungsod at Alkalde.

Itinatag noong 1996 ang mga limitasyon sa termino para sa mga posisyon ng Konseho ng Lungsod at Alkalde, sa pamamagitan ng isang pag-amyenda sa Karta, at inamyendahan noong 2014 ng isang pag-amyenda sa Karta, at muli noong 2023 sa pamamagitan ng isang pag-amyenda sa Karta. Isasaad sa panukalang-batas na ito na

ang sinumang hinalal sa tungkulin na naglilingkod bilang Konsehal o Alkalde ay magkakaroon ng limitasyon na may kabuuang labing-anim (16) na magkakasunod na taon sa katungkulan.

Isinasaad sa kasalukuyang probisyon ng Karta na ang isang miyembro ng Konseho ng Lungsod o Alkalde ay maaaring maglingkod nang hindi hihigit sa dalawang termino at hindi hihigit sa kabuuang labindalawang magkakasunod na taon sa anumang katungkulang napanalunan sa halalan ng Lungsod. Sa ngayon, hahadlangan ng Karta na maglingkod ng dalawang termino ang isang tao bilang Konsehal at pagkatapos ay dalawang termino bilang Alkalde. Ang iminungkahing panukalang-batas na ito na nag-aamyenda sa Karta ay magsisilbing solusyon sa isyung iyon at magpapahintulot sa mga hinalal sa tungkulin na maglingkod nang higit sa dalawang termino, ngunit hindi hihigit sa labing-anim (16) na magkakasunod na taon sa katungkulan.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Lungsod ng Rogue River (City of Rogue River).*

# Panukalang-Batas 15-231 – Lungsod ng Rogue River (City of Rogue River)

**Ipinagbabawal ang mga negosyo na nauugnay sa psilocybin sa loob ng Lungsod ng Rogue River (City of Rogue River).**

**Tanong:** Dapat bang ipagbawal ng Lungsod ng Rogue River (City of Rogue River) ang mga service center para sa psilocybin at paggawa ng mga produktong psilocybin sa loob ng Lungsod?

**Buod:** Pinahihintulutan ng batas ng estado ang paggawa, pagdadala, paghahatid, pagbebenta at pagbili ng psilocybin, ang psychedelic na gamot na matatagpuan sa ilang uri ng kabute, sa Oregon. Maaaring "hindi lumahok" ang isang lungsod sa pamamagitan ng pagpapatibay ng isang ordinansa na nagbabawal sa pagtatatag ng mga lisensyadong tagagawa ng produktong psilocybin at/o mga service center para sa psilocybin sa loob ng kanilang mga hanggahang bayan.

Pinagtibay ng Lungsod ang isang ordinansa na nagbabawal sa pagtatatag ng mga tagagawa ng produktong psilocybin at nagpapatakbo ng service center para sa psilocybin (sama-sama bilang "mga pasilidad ng psilocybin") sa loob ng Lungsod. Hinihiling ng batas ng estado na kailangang maaprubahan ng mga botante ang ordinansang ito bago maipatupad.

Ang pag-apruba sa panukalang-batas na ito ay magbabawal sa mga pasilidad ng psilocybin sa loob ng Lungsod. Ang pagtanggi sa panukalang-batas na ito ay magpapahintulot sa mga pasilidad ng psilocybin sa loob ng Lungsod na sasailalim sa pang-estado at lokal na mga paghihigpit.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Ang pag-apruba sa panukalang-batas na ito ay magbabawal sa pagtatatag at pagpapatakbo ng mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng Lungsod ng Rogue River (City of Rogue River).

Maaaring pagtibayin ng Konseho ng Lungsod ang isang Ordinansa na nagbabawal sa pagtatatag ng mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng lungsod, ngunit kailangang isangguni ng Konseho ng Lungsod ang Ordinansa sa mga botante sa isang pangkalahatang halalan sa buong estado. Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Rogue River (City of Rogue River City Council) ang Ordinansa Blg. 24-432-O na nagbabawal sa pagtatatag ng mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng Lungsod at, bunga nito, isinasangguni ang panukalang-batas na ito sa mga botante.

Kung maaprubahan, ipagbabawal ng panukalang-batas na ito ang mga negosyong nauugnay sa psilocybin sa loob ng Lungsod.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ng:* Lungsod ng Rogue River (City of Rogue River)

# Panukalang-Batas 15-232 – Lungsod ng Ashland (City of Ashland)

**Pag-amyenda sa Karta ng Ashland: Halalan para sa Bakanteng Posisyon**

**Tanong:** Dapat bang palitan ng Lungsod ang protokol sa halalan ng Karta nito upang magkaroon ng halalan para sa bakanteng posisyon sa Konseho ng Lungsod?

**Buod:**
Ang pagboto ng "Yes" (Oo) sa panukalang-batas na ito ay nag-aamyenda sa Karta ng Lungsod upang alisin ang kinakailangang pagtakbo para sa itinalagang posisyong 1 hanggang 6 ng mga kandidato para sa Konseho ng Lungsod. Sa halip, ang mga kandidato para sa Konseho ng Lungsod ay tatakbo para sa alinman sa tatlong bakanteng posisyon sa Konseho sa pangkalahatang halalan kada dalawang taon. Ang tatlong nakatanggap ng pinakamataas na bilang ng boto ay ihahalal sa tatlong bakanteng posisyon sa Konseho. Kung mayroong higit sa tatlong bakanteng posisyon, ang natitirang mga bakanteng posisyon ay pupunan ng susunod na mga nakakuha ng boto.

Ang pagboto ng "No" (Hindi) sa panukalang-batas na ito ay nagpapanatili sa kasalukuyang wika sa Karta ng Lungsod na nag-aatas sa mga miyembro ng Konseho na italaga ang bilang ng posisyon sa Konseho kung saan hinahangad nilang mahalal.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**
Iniaatas ng kasalukuyang Karta ng Lungsod sa mga kandidato na italaga ang bilang ng posisyon sa Konseho (1 hanggang 6) kung saan hinahangad nilang mahalal. Dahil dito, maaari lamang tumakbo sa halalan ang mga kandidato laban sa iba pang kandidato o mga kandidatong naghahangad ng parehong espesipikong posisyon na iyon sa Konseho. Ang pagboto ng "no" (hindi) ay magpapanatili sa kasalukuyang istrukturang ito.

Ang pagbabago ay magpapahintulot sa mga kandidato na tumakbo para sa alinman sa tatlong bakanteng posisyon sa Konseho na pagbobotohan sa halalan kada apat na taon. Ang mga kandidatong makatatanggap ng tatlong pinakamalaking bilang ng mga boto ay tatanggap ng posisyon para sa buong termino.

Ang isang " hindi pa natatapos " na posisyon ay tumutukoy sa isang posisyon sa Konseho na nasa balota bunga ng isang dating bakante at para iyon sa natitirang dalawang taon ng termino, dahil ang Ashland ay nagpapatupad ng isang yugto ng halalan sa loob ng dalawang taon. Isinasaad ng pagbabago na, pagkatapos maitalaga ang tatlong nakakuha ng pinakamataas na bilang ng boto sa mga posisyon para sa

buong termino, pupunan ng susunod na nakatanggap o mga nakatanggap ng pinakamataas na boto ang natitirang hindi pa natatapos na posisyon sa Konseho o mga posisyon para sa natitirang dalawang taong termino na hindi pa natatapos.

Kung pumili ang botante sa kanilang balota ng mas maraming miyembro ng Konseho kaysa sa mga bakanteng posisyon sa Konseho, babalewalain ang mga piniling iyon ng botante.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Lungsod ng Ashland City of Ashland*

# Panukalang-Batas 15-233 – Lungsod ng Ashland (City of Ashland)

**Pag-amyenda sa Karta ng Ashland: Hukom ng Munisipalidad bilang isang Inatasang Posisyon**

**Tanong:** Dapat bang alisin ng Karta ng Lungsod ang Hukom ng Munisipalidad bilang isang hinalal na posisyon at gawin itong iniaatas ng Alkalde at Konseho?

**Buod:**

Ang pagboto ng "Yes" (Oo) sa panukalang-batas na ito ay nag-aamyenda sa Karta ng Lungsod upang pahintulutan ang Alkalde, nang may kumpirmasyon ng Konseho, na atasan ang isang indibidwal na may angkop na karanasan, kasanayan, at pag-uugali para punan ang posisyon ng Hukom ng Munisipalidad, gayundin ang pagtanggal sa kompensasyon para sa Hukom ng Munisipalidad mula sa iskedyul ng Karta ng Lungsod.

Ang pagboto ng "No" (Hindi) sa panukalang-batas na ito ay nagpapanatili sa kasalukuyang wika sa Karta ng Lungsod na, bukod sa pagiging miyembro ng Estado ng Oregon sa Pagka-abogasya (Oregon State Bar), hindi nagbibigay ng karagdagang pamantayan sa pagpili para sa pagiging hinalal na Hukom ng Munisipalidad. Ang pagboto ng "No" (Hindi) ay magpapanatili sa sahod para sa posisyon na unang itinatag na kapareho ng sa taong 1978-79 at mula noon ay iniakma sa parehong porsyento ng average na pag-aakma sa suweldo ng iba pang mga empleyadong tagapamahala at pinuno ng kagawaran ng Lungsod ng Ashland (City of Ashland).

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

Kabilang sa mga pangunahing isinasaalang-alang sa trabaho ng pagiging isang Hukom ng Munisipalidad ang pagtiyak ng patas, walang kinikilingan, at pantay na pag-akses sa hustisya, pagpapanatili ng kagandahang-asal sa silid-hukuman, at epektibong pagpapaliwanag at pagpapatupad ng batas. Bukod sa pagpasok sa Estado ng Oregon sa Pagka-abogasya (Oregon State Bar), ang Karta ay hindi nagbibigay ng mga karagdagang kwalipikasyon o pamantayan sa aplikasyon para maihalal na Hukom ng Munisipalidad.
Papalitan din ng pag-amyenda ang Hukom ng Munisipalidad mula sa isang hinalal na posisyon, para gawing inatasang posisyon at aalisin ang kompensasyon ng Hukom ng Munisipalidad mula sa iskedyul ng Karta. Sa kasalukuyan, ang sahod para sa Hukom ng Munisipalidad ay unang itinatag na kapareho ng sa taong 1978-79 at mula noon ay

iniakma sa parehong porsyento ng average na pag-aakma sa suweldo ng iba pang mga empleyadong tagapamahala at pinuno ng kagawaran ng Lungsod ng Ashland (City of Ashland), nang walang kaugnayan sa dami ng trabaho. Kung maipasa ang pag-amyenda, ang Hukom ng Munisipalidad ay iaatas ng Alkalde, na may kumpirmasyon ng Konseho, at ang kompensasyon para sa posisyon ng Hukom ng Munisipalidad ay magiging sakop ng karaniwang mga iskedyul ng pagbabayad, gaya ng iminungkahi ng kagawaran ng Human Resources.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ng: Lungsod ng Ashland (City of Ashland)*

# Panukalang-Batas 15-234 – Lungsod ng Ashland (City of Ashland)

**Pag-apruba sa Resolusyon ng Ashland 2024-05 Pahintulot para Mag-isyu ng Mga Bond sa Kita mula sa Sistema sa Pagsuplay ngTubig.**

**Tanong:** Dapat bang pahintulutan ang Lungsod na mag-isyu ng hanggang $75,000,000 mga bond sa kita para pondohan ang paggawa ng mga pagpapabuti ng sistema sa pagsuplay ng tubig?

**Buod:** Hinahangad ng panukalang-batas na ito ang pag-apruba ng botante para pahintulutan ang Lungsod ng Ashland (City of Ashland) na mag-isyu ng mga bond sa kita mula sa sistema sa pagsuplay ng tubig sa ilalim ng Resolusyon 2024-05 na may pinagsama-samang principal amount na hindi lalampas sa $75,000,000 upang pondohan ang mga malalaking gastusin sa pagpapabuti ng sistema sa pagsuplay ng tubig ng Lungsod, kabilang ngunit hindi limitado sa mga pagpapabuti ng planta para sa paglilinis ng tubig at rehabilitasyon ng linya ng transmisyon sa east at west forks. Inaasahan ng Lungsod ang pag-isyu ng mga bond sa kita mula sa sistema sa pagsuplay ng tubig sa pederal na Ahensya sa Pangangalaga ng Kapaligiran (Environmental Protection Agency EPA) sa ilalim ng isang pederal na programa sa pautang na idinisenyo upang tulungan ang mga lokal na pamahalaan na mamuhunan sa pagpapalit ng nalulumang imprastraktura ng tubig.

Kung maaprubahan ang panukalang-batas, bibigyang pahinulot ng resolusyon ang Lungsod na mag-isyu ng mga bond sa kita na babayaran lamang mula sa mga kita sa sistema sa pagsuplay ng tubig. Ang mga bond ay hindi magiging mga pangkalahatang obligasyon ng Lungsod, at hindi ang awtorisasyon o pag-isyu ng mga bond ang magpapahintulot sa Lungsod na magpataw ng anumang buwis. Ang pag-apruba ng panukalang-batas ay magpapahintulot sa Lungsod na makakuha ng pagpopondo sa pamamagitan ng EPA para sa pagtatayo nito ng planta para sa paglilinis ng tubig, na tumutugon sa mga mahahalagang pangangailangan sa imprastraktura ng tubig.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

Tinatanong ng panukalang-batas na ito sa mga botante kung dapat bang pahintulutan ang Lungsod ng Ashland (City of Ashland) na mag-isyu ng mga bond sa kita mula sa sistema sa pagsuplay ng tubig upang pondohan ang pagtatayo ng isang bagong planta para sa paglilinis ng tubig at rehabilitasyon ng kaakibat na imprastraktura na may

pinagsama-samang principal amount na hindi lalampas sa $75,000,000. Ang mga bond sa kita mula sa sistema sa pagsuplay ng tubig ay protektado at babayaran mula sa mga kita na manggagaling sa sistema sa pagsuplay ng tubig ng lungsod. Hindi tinatanong ng panukalang-batas na ito kung dapat bang magtayo ang lungsod ng planta para sa paglilinis ng tubig; napagpasyahan na iyon matapos ang mga malawakang pampublikong talakayan at desisyon ng konseho sa nakalipas na dekada.

Ang planta para sa paglilinis ng tubig at kaugnay na mga proyektong pang-imprastraktura ay natukoy bilang mga kritikal na pangangailangan dahil sa edad at kondisyon ng mga ito. Para pondohan ang mga proyektong ito, iminumungkahi ng lungsod na mag-isyu sa Ahensya sa Pangangalaga ng Kapaligiran (Environmental Protection Agency EPA) ng mga bond sa kita mula sa sistema sa pagsuplay ng tubig. Bibilhin ng EPA ang mga bond sa kita mula sa sistema sa pagsuplay ng tubig, na ipahihiram sa lungsod ang perang ginamit sa pagbili ng mga bond. Ang mga pagbabayad ng lungsod para sa bond sa kita mula sa sistema sa pagsuplay ng tubig ay magsisilbing mga pagbabayad sa utang. Ang EPA ay bumibili ng mga bond at nagpapahiram ng mga pondo sa ilalim ng isang pederal na programa sa pautang na idinisenyo upang tulungan ang mga lokal na pamahalaan na palitan ang nalulumang imprastraktura ng tubig. Ang programa sa pautang na ito ay nagbibigay-daan sa isang pleksible na istraktura sa pautang, kabilang ang mga ipinagpalibang pagbabayad, pinalawig na panahon ng pagbabayad, at pleksible na pag-iimbulsa para sa konstruksiyon.

Kung hindi maipasa ang panukalang-batas, kakailanganin ng lungsod na maghanap ng mga alternatibong opsyon sa pagpopondo gaya ng mga pangkalahatang bond sa obligasyon. Ang mga pangkalahatang bond sa obligasyon ay nangangailangan ng pag-apruba ng botante at magpapahintulot sa lungsod na taasan ang mga buwis sa ari-arian upang mabayaran ang mga pangkalahatang bond sa obligasyon. Samantala, ang mga bond sa kita mula sa sistema sa pagsuplay ng tubig ay hindi makaaapekto sa mga buwis sa ari-arian dahil binabayaran ang mga ito sa pamamagitan ng mga kita na manggagaling sa sistema sa pagsuplay ng tubig. Magtataas ng singil sa tubig kung kinakailangan upang matiyak na ang sistema sa pagsuplay ng tubig at kaakibat na utang para sa proyekto ay napopondohan nang tama.

Ang pagboto ng "Yes" (Oo) ay nagpapahintulot sa lungsod na mag-isyu ng mga bond sa kita mula sa sistema sa pagsuplay ng tubig upang pondohan ang pagtatayo ng planta para sa paglilinis ng tubig at rehabilitasyon ng linya ng transmisyon sa east at west forks. Ang pagboto ng "No" (Hindi) ay nag-aatas sa lungsod na isaalang-alang ang iba pang mga opsyon sa pagpopondo upang matugunan ang mga pangangailangan sa sistema sa pagsuplay ng tubig at pagkaantala sa konstruksiyon.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ng:* Lungsod ng Ashland (City of Ashland)

# Panukalang-Batas 15-235 – Lungsod ng Gold Hill (City of Gold Hill)

### Mga Iminungkahing Pag-amyenda sa Karta ng Lungsod ng Gold Hill (City of Gold Hill)

**Tanong:** Dapat bang aprubahan ng mga botante ng Lungsod ng Gold Hill (City of Gold Hill) ang isang binagong Karta ng Lungsod?

**Buod:** Kung pagtibayin ng mga botante, babaguhin, ia-update, at aayusin ng panukalang-batas na ito ang Karta ng Lungsod ng Gold Hill. Ang mga pagbabago sa Karta ay huling pinagtibay ng mga botante noong 1988 at hindi na ito na-update simula noon. Ang iminungkahing nirebisang Karta ay magpapabago sa termino ng Alkalde mula sa dalawang taon para gawing apat na taon, ngunit pananatilihin ang kasalukuyang komposisyon ng konseho na may alkalde at anim na konsehal. Aayusin at gagawing simple ng mga iminungkahing pagbabago ang mga umiiral na probisyon ng Karta, aalisin ang mga nauulit at hindi na napapanahong seksyon, ia-update ang wika ng Karta, at titiyakin ang pag-alinsunod sa batas ng estado. Ipaliliwanag ng mga pagbabago ang mga kinakailangan sa pagboto at korum sa Konseho ng Lungsod, itatatag ang posisyon ng Tagapamahala ng Lungsod bilang isang opisyal ng Lungsod ayon sa antas ng karta, at gagawing pormal ang lehislatibo, administratibo, at mala-hudisyal na awtoridad ng Konseho ng Lungsod. Gagawin ng mga pagbabago na walang kinikilingan ang lahat ng halalan para sa mga katungkulan sa lungsod, aalisin ang wika tungkol sa proseso ng nominasyon para sa mga kandidato sa pagka-Alkalde at Konseho ng Lungsod, at babaguhin ang proseso sa paglalagay ng tao sa mga bakante sa konseho.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

Bumuo ang Konseho ng Lungsod ng Gold Hill (Gold Hill City Council) ng isang Task Force para sa Pagsusuri ng Karta at iminumungkahi ang mga pag-update na ito sa Karta ng Lungsod. Ang task force ay binubuo ng mga residente ng Gold Hill, mga miyembro ng konseho, at isang mamamayang hindi hinalal o hinirang. Nagkakaisang inaprubahan ng task force ang iminungkahing pag-amyenda sa karta na pinagtibay ng konseho. Kung maaprubahan, ipatutupad ang mga pagbabago sa Karta ng Lungsod sa Enero 1, 2025.

Huling nag-apruba ang mga botante ng mga pag-amyenda sa Karta noong 1988.

Ang layunin ng Konseho ng Lungsod sa pagmumungkahi ng mga pag-amyendang ito ay upang gawing makabago ang Karta ng Lungsod at tiyaking nakaayon sa pinakabagong mga batas ng Oregon ang pagpapatakbo ng Lungsod.

Kabilang sa mga pangunahing aspekto ng iminungkahing karta ang:

- Paggamit ng Gabay para sa Karta ng Liga ng Mga Lungsod sa Oregon bilang batayan.

- Pagbabago tungo sa isang uri ng pamahalaan na may konseho/tagapamahala mula sa kasalukuyang uri na may alkalde/konseho. Sinang-ayunan ng task force at konseho na kailangan ng lungsod ng permanenteng tagapamahala ng lungsod para pangasiwaan ang masalimuot na mga gawain ng Gold Hill. Inilalarawan ng iminungkahing wika na ang pagkuha sa isang tagapamahala ng lungsod ay kailangang nakabatay sa: "edukasyon at karanasan sa mga kakayahan at kasanayan sa pangangasiwa sa lokal na pamahalaan."

- Pagtukoy sa mga tungkulin, responsibilidad at awtoridad sa pangangasiwa ng tagapamahala ng lungsod kabilang ang kakayahang kumuha o magtanggal ng abogado ng lungsod, empleyado man o kontratista.

- Pagpapalit ng posisyon ng city recorder mula sa posisyong inatasan ng konseho para gawing posisyong inatasan ng tagapamahala ng lungsod. Dapat na may direktang pangangasiwa ang tagapamahala ng lungsod sa city recorder. Ito ang prosesong ginagamit ng maraming lungsod at mas mainam ito, dahil isang tagapamahala ng lungsod ang mangangasiwa sa pang-araw-araw na operasyon ng Lungsod.

- Simula sa pangkalahatang halalan sa Nobyembre 2026, ihahalal ang alkalde sa isang 4 na taong termino. Magpapatuloy ang alkalde bilang isang konsehal na hindi bumoboto, maliban na lang kung tabla ang labanan. Ginawa ito para maging tuloy-tuloy at maiayon ang termino ng alkalde upang maging kasing haba ng sa mga konsehal.

- Pagbibigay ng mas detalyadong paglalarawan sa isang korum, pati na kung ano ang bumubuo sa isang korum kapag pinupunan ang mga bakante, hanggang sa isang okupadong posisyon sa konseho na may 6 na bakante.

- Pagtugon sa isyu ng nepotismo - Inilalarawan na walang empleyado ang maaaring magkaroon ng kapamilya sa konseho ng lungsod. At, walang kapamilya ng tagapamahala ng lungsod ang maaaring humawak ng anumang inatasang katungkulan o trabaho sa lungsod.

- Pag-update sa mga Nominasyon – Nag-aatas sa konseho na magpatibay ng isang ordinansang nagsasaad ng paraan sa pagnomina sa isang tao para tumakbo sa pagka-alkalde o konseho. Inaalis nito ang malaking kasalungatan ng ating kasalukuyang karta sa batas ng Estado patungkol sa mga itinakdang panahon at paraan ng pangongolekta ng lagda. Maaari itong magbigay-daan sa isang kandidato na mangolekta ng mga lagda o magbigay ng naitakdang bayad sa lungsod upang mailagay sa balota.

- Pagtatakda na walang konsehal ang tatanggap ng anumang kompensasyon (bayad) para sa mga tungkulin ng konseho. Pinahihintulutan ang pag-iimbulsa para sa mga gastos (halimbawa; pagsasanay).

- Pagpapanatili sa probisyon para sa isang hukom ng munisipalidad, ngunit pinapayagan ang konseho na ilipat ang ilan o lahat ng tungkulin ng korte ng munisipalidad sa isang naaangkop na korte ng estado o katarungan.

Maaaring makuha online ang teksto ng panukalang-batas sa www.cityofgoldhill.gov o sa City Hall, 420 N. 6th Avenue, Gold Hill, OR 97525, sa pamamagitan ng pag-email sa info@cityofgoldhill.gov o pagtawag sa 541-855-1525.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ng:* Lungsod ng Gold Hill (City of Gold Hill)

# Panukalang-Batas 17-119 – Distrito ng Kolehiyong Pangkomunidad ng Rogue (Rogue Community College District)

**Pagbubuo ng mga bond, pag-update ng edukasyong pang-propesyon, mga pang-komunidad na pasilidad sa pag-aaral, mga kinakailangang pag-audit**

**Tanong:** Dapat bang bumuo, mag-update ng mga pasilidad na pang-bokasyonal ang Kolehiyong Pangkomunidad ng Rogue (Rogue Community College); pahusayin ang pagiging madaling gamitin, kaligtasan, seguridad; mag-isyu nang hanggang $60,315,000 na mga bond; kinakailangang mga pag-audit? Kung maaprubahan ang mga bond, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi napapailalim sa mga limitasyon ng seksyon 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

**Buod:**

- Inaasahan ang estado na magbigay ng $15 milyon na katugmang mga pondo

Tutustusan ng mga bond ang mga gastusin sa kapital upang suportahan ang mga mag-aaral at komunidad ng Southern Oregon, kabilang ang:

- Lumalaking kapasidad sa mga programa sa pagsasanay para sa mga manggagawa:
    - pag-aaprentis, diesel, pagmamaneho ng trak na pangkomersiyo, pre-nursing, paghihinang, paggawa at pagdaragdag ng sasakyan sa kampus ng Table Rock (Table Rock Campus) (White City)
    - sasakyan, paghihinang, paggawa at pagdaragdag ng EMT, mga programang diesel sa kampus ng Redwood (Redwood Campus) (Grants Pass)
- Pagpapabuti sa kaligtasan at seguridad sa lahat ng kampus
    - mga sistema ng kamera
    - mga kakayahan sa pag-lockdown

- Gagawing makabago ang sentro para sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral (student success center) at mga silid-aralan sa kampus ng Riverside (Riverside campus) (kabayanan ng Medford).

- Pagpapabuti sa pagiging madaling gamitin sa lahat ng kampus

- Mga pagsasaayos sa gusali para mapahaba ang buhay

    - matipid sa enerhiya
    - HVAC
    - mga bubong

- Mga pagpapabuti sa site, kasangkapan, kagamitan, interes sa bond, mga gastos sa pag-isyu.

Jackson County: ang mga presyo ng ipinataw na buwis sa bond ay tinatayang magpapatuloy sa kasalukuyang presyo na $0.13/$1000 ng tinasang halaga

Josephine County: ang mga presyo ng ipinataw na buwis sa bond ay tinatayang magpapatuloy sa kasalukuyang presyo na $0.09/$1000 hanggang $0.13/$1000 ng tinasang halaga

Maaaring magbago ang mga presyo batay sa mga antas ng interes, mga pagtatasa ng pagbabago sa halaga. Magma-mature ang mga bond sa loob ng 21 taon mula sa petsa ng pag-isyu, at maaaring mag-isyu ng serye.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Itinatag noong 1970, naglilingkod sa kasalukuyan ang Kolehiyong Pangkomunidad ng Rogue (Rogue Community College RCC) para sa mahigit 9300 mag-aaral sa tatlong kampus sa buong county ng Josephine at Jackson.

**HINAHANGAD NG KOLEHIYO ANG PAG-APRUBA NG MGA BOTANTE PARA MAG-ISYU NG MGA BOND NA TINATAYANG MAPAPANATILI SA KASALUKUYANG ANTAS NG BUWIS SA BOND PARA SA MGA RESIDENTE NG JACKSON COUNTY**

Ang Lupon ng Edukasyon ng RCC ay naghahangad ng pag-apruba ng mga botante ng isang $60,315,000 pangkalahatang bond sa obligasyon. **Kung maaaprubahan ang panukalang-batas na ito, tinataya ng Kolehiyo na magpapatuloy ang mga may-pag-aari ng lupa sa Jackson County na magbayad ng parehong halaga para sa mga bond ng Kolehiyo tulad ng kanilang kasalukuyang binabayaran.**

**$15 MILYON NA PONDONG KALOOB NG ESTADO**

Binibigyang-daan ng lehislatura ng Oregon ang hanggang $15,000,000 na pondong kaloob ngunit posible lamang ito kung magbibigay ng katugmang mga pondo ang Kolehiyo. Magagarantiya ng pag-apruba sa bond ang katugmang pondo ng Kolehiyo.

**BAKIT IMINUMUNGKAHI NG KOLEHIYO ANG PANUKALANG-BATAS NA ITO?**

Gumugol ng isang taon ang Kolehiyo para sa pagsusuri sa kalagayan at mga pangangailangan ng mga pasilidad nito; pakikipanayam sa mga mag-aaral at kawani upang maunawaan kung anong mga pagpapabuti ang magkakaroon ng pinakamalaking positibong epekto sa kapaligiran para sa pag-aaral at pagdadala ng mga dalubhasa sa industriya upang tasahin ang mga pisikal na kondisyon ng mga gusali ng Kolehiyo. May apat na aspektong nakita ang Kolehiyo na pagtutuunan ng pansin para sa mga pagpapabuti ng pasilidad:

1. **Pangangailangan para sa Manggagawa:** Mayroong lokal, panrehiyon, at pambansang mga kakulangan sa mga larangan ng narsing, pagmamaneho ng trak na pangkomersiyo, mga serbisyong medikal na pang-emerhensiya, paghihinang, at paggawa at iba pang mga programang bokasyonal na inaalok ng Kolehiyo. Ang pagpapatala ng mag-aaral at pangangailangan para sa mga programang ito sa pagsasanay ay nakahihigit sa magagamit na espasyo.

2. **Kaligtasan at Seguridad:** Lahat ng tatlong kampus ay nangangailangan ng mga mahahalagang pagpapabuti sa kaligtasan at seguridad upang mapanatiling ligtas ang mga mag-aaral at kawani.

3. **Mga Makalumang Kapaligiran sa Pag-aaral** Kailangan ng mga silid-aralan, lab, at teknolohiya ang mga mahahalagang pag-upgrade upang suportahan ang mga mag-aaral hinggil sa pagsasanay para sa mga manggagawa.

4. **Mga Nalulumang Gusali:** Kailangang palitan at ayusin ang mga luma nang bubong, tabike, at mga sistema ng HVAC sa mga gusali sa buong kolehiyo.

**MGA IMINUNGKAHING PROYEKTO**

- Lumalaking kapasidad sa mga programa sa pagsasanay para sa mga manggagawa upang matugunan ang dumaraming pagpapatala sa mga programa at pahusayin ang paggamit ng espasyo:

  - **pag-aaprentis, diesel, pagmamaneho ng trak na pangkomersiyo, pre-nursing, paghihinang, paggawa** at pagdaragdag ng **sasakyan** sa kampus ng Table Rock (Table Rock Campus) (White City)

  - **sasakyan, paghihinang, paggawa** at pagdaragdag ng **EMT**, mga programang **diesel** sa kampus ng Redwood (Redwood Campus) (Grants Pass)

- **Pagpapahusay sa kaligtasan** gamit ang mga pinabuting sistema ng kamera, at mga sistema ng pag-lockdown

- **Pag-update ng mga nalulumang sistema ng gusali upang mapahaba ang buhay ng mga ito at mapabuti ang pagtitipid sa enerhiya** kabilang ang mga bubong at HVAC

- **Pag-aayos sa kampus ng Medford (Medford campus) sa kabayanan** na may bagong sentro para sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral (student success center) para sa higit pang mga oportunidad sa pag-aaral sa labas ng silid-aralan

- **Gumagawa ng mga pag-upgrade para mapabuti ang pagiging madaling gamitin kaugnay ng ADA** — tinatawag ding Batas para sa mga Amerikanong May Kapansanan (Americans With Disabilities Act) — para mapabuti ang pag-akses ng estudyante, kawani, at miyembro ng komunidad sa mga gusali ng Kolehiyo

## PANGANGASIWA PARA SA MGA PAGGASTA SA BOND

Iniaatas ng batas na gamitin ang mga pondo sa bond para sa mga gastusing inilarawan sa balota. Mangangasiwa ang Lupon ng Edukasyon ng RCC upang matiyak na ang lahat ng pondo sa bond ay ginagamit para sa mga layuning inaprubahan ng mga botante.

## IMPORMASYON SA PANANALAPI

**Jackson County: ang mga presyo ng ipinataw na buwis sa ari-arian ay tinatayang magpapatuloy sa kasalukuyang presyo na $0.13 kada $1000 ng tinasang halaga**

**Josephine County: tinatayang tataas ang presyo ng $0.09/$1000 hanggang $0.13/$1000 ng tinasang halaga**

Maaaring magbago ang mga presyo batay sa mga antas ng interes at mga pagtatasa ng pagbabago sa halaga. Magma-mature ang mga bond sa loob ng 21 taon mula sa petsa ng pag-isyu, at maaaring mag-isyu ng serye.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ng:* Distrito ng Kolehiyong Pangkomunidad ng Rogue (Rogue Community College District)

# Panukalang-Batas 17-123 – Distrito ng Paaralan ng Three Rivers (Three Rivers School District)

**Pinahihintulutan ang mga Bond para Mapahusay ang Kaligtasan, Seguridad, at Maglagay Muli ng Bubong sa Mga Lumang Gusali**

**Tanong:** Dapat bang mag-isyu ang Distrito ng Paaralan ng Three Rivers (Three Rivers School District) ng $39,000,000 na mga bond para sa mga gastusin sa kapital ng paaralan at tumanggap ng $6,000,000 katumbas na kaloob? Kung maaprubahan ang mga bond, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi napapailalim sa mga limitasyon ng seksyon 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

**Buod:** Umaasa sa lokal na suporta ang Pinagsamang Distrito ng Paaralan ng Three Rivers/Josephine County (Three Rivers / Josephine County Unit Joint School District) sa Oregon upang pondohan ang mga pagpapalago ng kapital. Ginawaran ang Distrito ng $6,000,000 na makukuha lamang kung maaprubahan ang mga bond. Kung maaprubahan, tutustusan ng panukalang-batas na ito ang mga gastusin sa kapital sa loob ng Distrito, kabilang ang:

- Paglalagay muli ng bubong sa mga gusali sa buong Distrito upang mapanatili ang integridad ng istruktura at protektahan ang pamumuhunan ng komunidad sa mga pasilidad ng distrito ng paaralan

- Mga hakbang pangkaligtasan at panseguridad na nakatuon sa pagkontrol ng pag-akses sa lahat ng lokasyon
  - Karagdagang pagbabakod
  - Mga Daanang Binabantayan
  - Mga buzz-in na sistema ng pagpasok
  - Mga camera
  - Pagpasok gamit ng key card
  - Ilaw na panseguridad
  - Mga pintuan at hardware panseguridad

Magma-mature ang mga bond sa loob ng 21 taon o di-lalampas mula sa petsa ng pag-isyu, at maaaring ma-isyu sa isa o higit pang serye. Kung maaprubahan, ang taunang antas ng buwis ng bond ay tinatayang nasa $0.42 kada $1000 ng tinasang halaga. Maaaring mag-iba ang aktwal na mga antas batay sa mga natamong antas ng interes at pagbabago sa tinasang halaga.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**
Tinutugunan ng panukalang-batas sa bond na ito ang kaligtasan, seguridad, at integridad ng mga gusali ng ating mga paaralan sa loob ng Pinagsamang Distrito ng Paaralan ng Three Rivers/Josephine County (Three Rivers / Josephine County Unit Joint School District) na pagtutuunan ang muling paglalagay ng bubong sa mga nalulumang istruktura at pagpapahusay ng mga hakbang panseguridad. Ang Distrito ay kasalukuyang naglilingkod sa mahigit 4,000 mag-aaral at nage-empleyo ng humigit-kumulang 600 kawani sa 14 na paaralan.

**Pagtugon sa Mga Pangangailangan sa Paglalagay ng Bubong**

Marami sa mga gusali ng Distrito ang mahigit 60 taon na at nasa kritikal na kondisyon, gaya ng natukoy sa kamakailang pangmatagalang plano para sa pasilidad. Mahalaga ang muling paglalagay ng bubong sa mga istrukturang ito para mapanatili ang integridad ng istruktura at maiwasan ang mga gastusin sa hinaharap. Humigit-kumulang $35 milyon ang ilalaan sa muling paglalagay ng bubong sa mga gusali sa buong Distrito upang mapahusay ang kaligtasan, paggana, at integridad ng mga nalulumang pasilidad ng Distrito.

**Pagpapahusay sa Seguridad ng Paaralan**

Bilang tugon sa mga nagbabagong alalahaning pangkaligtasan, sinuri ng Pangkat Pangkaligtasan ng Distrito at lokal na tagapagpatupad ng batas ang mga gusali ng ating mga paaralan at kampus. Nilalayon ng iminungkahing estratehiya na paigtingin ang mga paligid ng paaralan sa pamamagitan ng pamamahala sa mga pasukan at labasan, kasama ang pagpigil at pag-antala sa mga potensyal na panganib. Humigit-kumulang $10 milyon ang ilalaan para sa mga pagpapahusay ng seguridad, kabilang ang pagbabakod, mga gate, at mga makabagong sistema ng pagpasok, upang bigyang priyoridad ang kaligtasan ng komunidad ng paaralan.

**Kaloob ng Estado**

Napili ang Distrito na tumanggap ng katumbas na $6 na milyong kaloob ng estado para sa mga proyektong ito kung maaprubahan itong panukalang-batas sa bono. Kung hindi maaprubahan ang panukalang-batas, igagawad ang katumbas na kaloob na ito sa iba pang distrito sa Oregon.

Ang tinatayang antas ng buwis na kaakibat ng bond na ito ay tinatayang nasa $0.42 kada $1000 ng tinasang halaga. Halimbawa, ang isang ari-arian na may tinasang halaga na $300,000 ay makapagbibigay ng $126 kada taon para sa 21-taong termino ng bond. Maaaring mag-iba ang aktwal na antas ng ipapataw na buwis dahil sa aktwal na antas ng interes at mga pagbabago sa tinasang halaga.

*Ang impormasyong ito ay ibinigay ng:* Distrito ng Paaralan ng Three Rivers (Three Rivers School District)